5M's (**M**ag-internet, **M**agbasa, **M**agsuri, **M**agsulat at **M**ag-enjoy) Tungo sa Pagpapataas ng Antas ng Pagkatuto sa Pagsulat ng Sariling Talata Gamit ang Online Distance Learning ng mga Mag-aaral sa Intermedya ng SV5ES Timbao Annex



**MILAGROS D. NAVAL**
GURO III
PAARALANG ELEMENTARYA NG SOUTHVILLE 5 TIMBAO ANNEX

**ABSTRAK**

Ang Filipino ay isa sa mga asignatura na napakahalaga sa K-12 Kurikulum kung saan ay pinagtibay ng Kagawaran ng Wikang Pambansa at Kagawaran ng Edukasyon. Sa katunayan, mula sa K-3 ay mayroon pang MLTB na asignatura kung saan ay itinuturo ang mga aralin sa sariling Sinusong Wika ng bawat rehiyon sa bansa. Naglalayon ito na mas magkaintindihan ang mga batang Pilipino sa bansang Pilipinas saanman sila sa rehiyon gamit ang Wikang Pambansa ang Filipino, na naglalayong isulong ang Eduksayon para sa bata at para sa bansa.

Sa pagkakaroon ng COVID-19 pandemic ay nabuo ang Aksyong Pananaliksik na 5M's gamit ang Online Distance Learning ay naipagpatuloy ng mga mag-aaral sa Filipino sa pamamagitan ng paggawa at pagsulat ng talata gamit ang makabagong teknolohiya ang internet. Kailangan nilang mag-internet, magbasa ng impormasyon tungkol sa larawan, magsuri sa larawan, magsulat ng talata tungkol dito at mag-enjoy sa ginawang pagsulat.

Ang 20 mag-aaral mula sa Baitang 4, 5 at 6 (Intermidya) na may akses sa internet ang mga naging respondents. Sa loob ng tatlong buwan mula ay naggawa at nagsulat ng talata ang mga batang respondents tungkol sa mga larawang ini-upload ni Gng. Ma. Teresa Modina Sayson sa Group Chat ng mga respondents. Sa buwan ng Marso ay nagsulat sila ng talata gamit ang mga larawan ng magandang Pook Pasyalan sa Pilipinas. Sa buwan ng Abril ay mga larawang may kaugnayan sa Panginoon, bayani at kilalang tao sa bansa at sa pamayanan. Ang panghuli ay mga larawang may kaugnayan sa Makabagong Sistema ng Pag-aaral dahilan sa pandemic.

Susing Salita: 5M's (**M**ag-internet, **M**agbasa, **M**agsuri, **M**agsulat at **M**ag-enjoy)

## PANIMULA

Labis na ikinababahala ng buong mundo ang pagkakaroon ng COVID-19 pandemic at kabilang dito ang bansang Pilipinas. Ngunit sa kabila nito, hindi nagpatinag ang bansa sa banta nito at sa halip ay naplanong mabuti upang makahanap ng tugmang solusyon para maipagpatuloy ang edukasyon ng mga bata sa tulong ng makabagong teknolohiya. Sa pamumuno ng Kalihim ng Edukasyon, Leonor Briones, napamunuan ang pagkakaroon ng New Normal of Education sa panahon ng pandemya. Naglatag ang departamento ng Basic Education Contengency Plan (BEC-LCP) para tugunan ang pangunahing pangangailangan sa edukasyon dulot ng hamon ng COVID-19. Katuwang ang DOH at ang IATF na mangangalaga sa kalusugan ng mga mamamayan upang ipagpatuloy ang pag-aaral ng mga kabataan sa K-12 Kurikulum. Sa pagtutulungan ng mga paaralan, guro at magulang. sinisigurado ng Kagawaran na magkakapag-aral ang mga kabataan lalo na ang mga mga pampublikong paaralan. Nagkaroon din ng oryentasyon kung paano matutugunan ang pag-aaral ng mga bata gamit ang iba't ibang modalitis sa pagtuturo katulad ng Blended Learning, Online Distance Learning at Modular Delivery Learning at iba pa depende sa pangangailangan o kalalagayan ng estado sa buhay ng mga kabataan. Sa katunayan, gamit ang internet ay patuloy na nagkakaroon ng pagsasanay ang mga guro, magulang at mag-aaral. Mayroon ding DepEd TV, Radio-Based Intruction gamit ang estasyon ng Binan at tablet na ipinamigay ang SEF sa mga mag-aaral sa SH upang maka-agapay sa bagong sistema ng edukasyon. May isinisigaw rin ang kagawaran na kahit sa facemask ng mga guro ay mababasa at nakatatak ang SULONG EDUKALIDAD, series of WEBINAR na may #LearsAsOnePH na araw-araw ay makakatagpo at mapapanood sa internet ng mga guro. Nagkaroon ang Kagawaran ng Edukasyon ng mga paraan o kontengency plan kung paano makakarating sa bawat mag-aaral na nasa kani-kanilang mga tahanan ang mga aralin o kasanayan na dapat at kailangan nilang matutuhan. Tanda ito ng pagpapahalaga na hindi dapat maisakripisyo ang edukasyon ng mga mag-aaral dahil sa pagkakaroon ng pandemya. Kailangan at karapatan ng bawat isang kabataan na magkaroon ng sapat at tamang edukasyon para maging sandigan upang maging kaisa sa pagkakaroon ng produktibong ekonomiya, matatag na pondasyon para makatulong sa pag-unlad ng bansa at higit sa lahat maging mabuti silang tao para sa kanyang sarili, pamilya, pamayanan at maging sa bansa.

Ang Paaralang Elementarya ng Southville 5 Timbao Annex ay binubuo ng mga mag-aaral mula Kindergarten hanggang Baitang 6. Ngayong taong panuruan 2020-2021 ay may 939 ang kabuuang mga mag-aaral ang nakarehistro dito. Ang 609 na mga mag-aaral ay mula sa K-3 samantalang may 330 bata ang bumubuo sa Baitang 4-6.

Si Gng Milagros D. Naval, koordineytor sa Filipino ng Paaaralang Elementarya ng Southville 5 Timbao Annex ay nagsagawa ng Aksyon Pananaliksik tungkol sa pagsulat ng sariling talata base sa pagsusuri sa larawang ipinadala ng guro gamit ang internet. Isinagawa ito sa loob ng anim na buawan. Ang guro ay nangailangan ng 20 mga mag-aaral na mayroong intenet access mula sa baitang apat hanggang anim upang makagawa ng talata na may 5-8 pangungusap tungkol sa larawan na isenend gamit ang internet. Layunin nito na hikayatin ang mga mag-aaral na maranasan ang **5M's: Mag-internet, Magbasa, Magsuri, Magsulat at Mag-enjoy** habang nag-aaral sa bahay.

Layunin din nito na magamit ang kaalaman sa paggamit ng makabagong teknolohiya, mas mapalawak ang kaalaman at imahinasyon ng mga mag-aral tungkol sa magagandang tanawin at pook pasyalan sa Pilipinas, makilala ang mga Pilipinong bayani

o tao na maaari nilang maging huwaran, ang mga isyung napapanahon ang COVID-19 na naging daan ng pagkakaroon ng *New Normal of Education,* at kung paano mapapataas ang antas ng kakayahan sa pagsulat ng talata sa Filipino ng mga mag-aaral sa intermedya. At magkakaroon din ng kasanayan ang mga mag-aaral sa pagbuo at

**PAMAMARAAN**

Sa pagsasaliksik na ginawa ay nagamit ang makabagong teknolohiya sa pamamagitan ng pagdownload sa Google Chrome ng mga larawan maliban sa larawan ni Kap. Bayla na galling sa barangay. Ang pag-uupload sa internet ng mga larawan at kung saan ay nakapormat na. May kahon ito sa gawing itaas ng larawan para sa *heading*, larawan sa gitna na gagawan ng talata at kahon sa gawing ibaba ng larawan para gawan ng talata na binubuo ng lima hanngang sampung pangungusap. Kailangang gumamit ang mga bata ng mga salitang naglalarawan sa pangungusap. Ang mga awtput na ginawa ay tsenekan nina Bb. Emmanuelita J. Alonde at Gng. Milagros D. Naval ang ginawang pagwawasto. Nilagyan ng puntos ang nilalaman at estraktura gamit ang rubriks na may bilang 5 pinakamaayos na pagkagawa, 4 may kaayusan ang talata, 3 maayos ang talata, 2 nakagawa pero kulang sa kaayusan at 1 walang kaayusan ang talatang ginawa

**KINALABASAN**

Sa tatlong buwan pagsulat ng mga pangungusap upang makabuo ng talata mula sa larawang ini-upload, narririto ang kinalabasan ng 5M's Aksyong Pananaliksik.

Sa buwan ng Marso , larawan ng mga magagandang tanawin sa Pilipinas. Mula sa rubriks na may puntos para sa Nilalaman / Konteksto

5=6/30% 4= 12/60% 3=2/10% 2=0% 1=0%

pagsulat ng talata tungkol sa larawan sa . internet na ini-upload sa GC ng 5M's Respondents na binubuo ng mga mag-aaral, mga magulang at mga gurong nagsasagawa ng Aksiyong Pananaliksik. mga larawan at ginawan ng talata at iba pang kinakailangang impormasyon. Ang mga awtputs na

Estruktura

5=10/50% 4=6/30% 3=4/20% 2=0% 1=0%

Sa buwan ng Abril kung saan ay ginawan nila ng talata ang mga larawan tungkol sa Panginoo, mga bayani at kilalang tao sa lipunan.

Konteksto/Nilalaman

5=5/12% 4=12/60% 3=3/15% 2=0% 1=0%

Estruktura

5=12/60% 4=6/30% 3=10% 2=0% 1=0%

Mayo ang huling buwan ng pagsulat /paggawa nila ng talata mula sa mga larawang may kaugnayan sa New Normal Education

Konteksto/Nilalaman

5=10/50% 4=8/40% 3=2/10% 2=0% 1=0%

Estruktura

5=15/75% 4=4/20% 3=1/5% 2=0% 1=0%

**PAGTALAKAY**

Mula sa mga talatang ginawa ng mga bata gamit ang **Online Distance Learning** at natsek ng guro, gamit ang talahanayan at grap sa pag-aanalisa ng kinalabasan ng pagsasanay o interbensyon na ginawa sa pagsulat ng talata tungkol sa larawan sa internet upang ilarawan sa sarling pangungusap.

Ginamit ang talahanayan at grap na nasa kompletong Aksiyong Pananaliksik sa pag-aanalisa ng kinalabasan ng pagsasanay

o interbensyon na ginawa sa pagsulat ng talata tungkol sa larawan sa na ini-upload ng guro sa internet upang ilarawan ito gamit sarling pangungusap.

Sa kabuuan ng 20 respondents sa ginawang Aksyong Pananaliksik, 6 o 30% na mag-aaral ang may 3 puntos. 12 o 60% naman ang nakakuha ng 4 na puntos. Samantalang 2 o 10 % ang nakaabot sa 5 puntos sang-ayon sa nilalaman ng kanilang isinulat na talata. 14 o 70% ang nakaabot sa lubusang pagkatuto sa **Konteksto** ng isinulat na talata para sa buwan ng **Marso.**

Ang kinalabasan ng **Estruktura** ng 20 respondents sa ginawang Aksyong Pananaliksik, 4 o 20% na mag-aaral ang may 3 puntos. 6 o 30% naman ang nakakuha ng 4 na puntos. Samantalang 10 o 50 % ang nakaabot sa 5 puntos sang-ayon sa nilalaman ng kanilang isinulat na talata. 16 o 80% ang nakaabot sa lubusang pagkatuto sa isinulat na talata para sa buwan ng **Marso**.

Sa kabuuan ng 20 respondents sa ginawang Aksyong Pananaliksik, 3 o 10% na mag-aaral ang may 3 puntos. 12 o 60% naman ang nakakuha ng 4 na puntos. Samantalang 5 o 25 % ang nakaabot sa 5 puntos sang-ayon sa **nilalaman** ng kanilang isinulat na talata. 17 o 85% ang nakaabot sa lubusang pagkatuto sa **Konteksto** ng isinulat na talata para sa buwan ng **Abril**.

Ang kinalabasan ng **Estruktura** ng 20 respondents sa ginawang Aksyong Pananaliksik, 2 o 10% na mag-aaral ang may 3 puntos. 6 o 30% naman ang nakakuha ng 4 na puntos. Samantalang 12 o 60 % ang nakaabot sa 5 puntos sang-ayon sa nilalaman ng kanilang isinulat na talata. 18 o 90% ang nakaabot sa lubusang pagkatuto sa isinulat na talata para sa buwan ng **Abril.**

Sa kabuuan ng 20 respondents sa ginawang Aksyong Pananaliksik, para sa buwan ng **Mayo** 2 o 10% na mag-aaral ang may puntos na 3. 12 o 60% naman ang nakakuha ng puntos na 4. Samantalang 6 o 30 % ang nakaabot sa 5 puntos sang-ayon sa nilalaman ng kanilang isinulat na talata. 18 o 90% ang nakaabot sa lubusang pagkatuto sa **Konteksto** ng isinulat na talata .

Ang kinalabasan ng **Estruktura** ng 20 respondents sa ginawang Aksyong Pananaliksik para sa buwan ng **Mayo**, 1 o 5% na mag-aaral ang may 3 puntos. 4 0 20% naman ang nakakuha ng 4 na puntos. Samantalang 15 o 75 % ang nakaabot sa 5 puntos sang-ayon sa nilalaman ng kanilang isinulat na talata. 19 o 95% ang nakaabot sa lubusang pagkatuto sa isinulat na talata.

## PAGKILALA


Kinikila ng gurong mananaliksik ang mga sumusunod na personalidad

Mga apo ko JZC, Zhia, Lhia at Chandy at mga anak Joy & Ryan, Paul & Alen

Mga magulang at mga batang respondents sa Bitang 4, 5 at 6.

Mga kasamahang guro sa SV5 Timbao, lalo't higit sa mga guro sa Baitang 4, 5 at 6

Gng. Ma. Teresa Modina, gurong kasama sa pananaliksik na taga-upload ng larawan

Bb. Emmanuelita J. Alonde , kasama sa pananaliksik at Pinunong Guro ng Paaralan

Gng. Lucy Balasabas

Kap. Ronaldo Bayla

G. Romulo D. Casipit, PSDS ng Distrik Klaster X

Dr. Raquel L. Azur, Pansangay na Tagamasid sa Filipino

G. Edward Manuel Manuel, Senior Education Program Specialist-Planning and Research

G. Bayani Enriquez, Chief-SGOD

Gng. Mary Ann Tatlongmaria, Chief CID

**Gng. Edna F. Agustin**


## SANGGUNIAN


DepEd ORDER No. 18, s. 2017

DepEd Order No. 015, s. 2020

DepEd Order No. 012, S. 2020

https://prezi.com

**ISINUMITI NI:**



**MILAGROS D. NAVAL**

**Guro III**